Oktubre 10, 2023

# Nag-aalok ngayon ang lungsod ng online na opsyon ng pagbabayad at pakikipagtalo sa mga tiket at multa

BRAMPTON, ON – Ang Administrative Penalty System (APS) ng Lungsod ng Brampton ay mas pinapadali ngayon ang pagbabayad o pagtutol sa mga tiket at multa sa pamamagitan ng bagong online platform nito. Ang bagong online APS platform ay magiging available sa Oktubre 16, 2023.

Ang APS ay bago at flexible na sustema para sa pagbabayad, pagrebyu at pangongolekta ng mga multa sa pagparada at iba pang ordinansa. Dinisenyo ito para gawing mas mahusay ang proseso ng pagpapatupad at dagdagan ang pagsunod sa mga ordinansa ng Lungsod ng Brampton sa isang paraan na patas, epektibo at mahusay.

Sa pamamagitan ng tool ng pagpapatupad, ang mga pagtatalo sa ordinansa ay ililipat mula sa korte papunta sa munisipalidad gamit ang independiyenteng Screening at Hearing Review Officers na makakapagdeklara, makakapagbawas, o makakapagkansela sa mga multa

**Tungkol sa mga proseso ng mga multa:**

Ang mga inidibidwal na tumanggap ng Abiso ng Multa ay pwedeng:

- Magbayad sa Abiso ng Multa; o
- Humiling ng pagrepaso ng isang Screening Officer

Ang mga screening na pagrepaso ay pwede na ngayong makumpleto sa pamamagitan ng online na nakasulat na submisyon na rerepasuhin at kukumpletuhin ng isang Screening Officer na may kapangyarihan na idekalra, bawasan, o kanselahin ang multay.

Kung hindi sang-ayon ang mga indibidwal sa desisyon ng Screening Officer, meron silang hanggang 15 araw matapos ang desisyon upang humiling ng Pagpupulong sa Hearing Review, Ang mga Hearing Review ay isasagawa gamit ang isang online virtual platform.

Ang desisyon ng Hearing Officer, kasunod ng pagpupulong sa Hearing Review, ay pinal.

**Mga Link:**

Upang malaman ang iba pa, o bayaran o tutulan ang isang abiso sa multa, pakibisita ang: www.brampton.ca/courtservices

-30-

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca